

# Pahayagan ng Katotohanan tungkol sa Bakuna sa COVID-19 para sa Bata at Kabataan

Narito ang 10 na bagay na kailangang malaman tungkol sa pagbabakuna para sa COVID-19 para sa mga bata at kabataan na nasa 12-17 taong gulang.

**1. Ang pagbabakuna sa mga bata at kabataan na 12 taong gulang at pataas ay ligtas at epektibo.**

Ang mga bakuna ay ligtas, epektibo at pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa COVID-19.

Pinahintulutan ng Health Canada ang bakuna na Pfizer-BioNTech para sa mga kabataang nasa 12 hanggang 17 taong gulang at napagpasyahan na ito ay ligtas sa kabataan nang walang seryosong masamang mga epekto.

Malapit sa 3 milyong mga dosis ng bakunang Pfizer-BioNTech ay naibigay na sa mga 12 hanggang sa 17 taong gulang sa Estados Unidos. Walang seryosong masamang mga epekto ang nauugnay sa grupo ng edad na ito.

Sa mga klinikal na pagsubok (clinical trials), ang bakunang Pfizer-BioNTech ay nagpakita ng higit na epektibong proteksyon laban sa COVID-19 para sa mga indibidwal na 12 taong gulang at pataas. Ang kabataan ay madalas nagpapakita ng magandang immune response pagkatapos ng pagbabakuna, na nagreresulta sa matatag na proteksyon.

**2. Ang mga bata katulad ng mga adulto, ay maaaring makaranas ng mga pansamantalang masamang mga epekto.**

Ang masamang mga epekto pagkatapos mabakunahan ay magkaiba para sa bawat tao, at karamihan ito ay katamtaman at madaling tiisin.

Maaaring mapansin ng inyong anak ang sakit kung saan itinurok ang bakuna sa bandang taas ng braso. Maaari rin silang makaramdam ng kapaguran, sakit ng ulo, masakit ang mga kalamnam o kasukasuan, at lagnat at panginginig. Ang mga masamang epektong ito ay kadalasang mawawala rin sa loob ng 1 hanggang 3 araw. Ito rin ay positibong senyales na ang bakuna ay nagsisimulang gumagana.

**3. Ang mga bakuna ay napakahalaga para sa mga bata at kabataan dahil maaari silang mahawa ng COVID-19 at ikalat sa iba, kahit wala silang mga sintomas.**

Ang mga batang nagkaroon ng COVID-19 ay karaniwang nakakaranas ng katamtamang mga sintomas - gayun pa man, ang iba ay maaaring magkasakit nang malala, na kinakailangang magpaospital at makaranas ng mas seryoso at matagalang mga sintomas. Sa mga di-karaniwang mga kaso, ang virus ay maaari ring maging dahilan ng kamatayan sa mga bata. Ang mga bata ay maaari rin magkalat ng sakit sa iba na maaaring mas labis ang kapanganiban ng sakit.

**4. Ang bakuna ay napakaligtas para sa karamihan ng mga tao, kabilang ang sinuman na may medikal na kondisyon.**

Ang mga indibidwal na umiinom ng gamot na nakapanghina ng kanilang immune system o yung mayroong allergies sa mga sangkap ng bakuna ay dapat komunsulta

muna sa kanilang tagapag-alaga ng kalusugan. Ang mga bakuna para sa COVID-19 ay walang nilalaman na mga itlog, gelatin (karneng baboy), gluten, latex, mga pampreserba, antibiotic o aluminum.

Dahil ang mga taong may mga medikal na kondisyon ay kadalasan mas labis ang kapanganiban at lalong magkakasakit kung sila ay nahawaan ng COVID, mahigpit naming pinapayuhan ang mga indibidwal na magpabakuna sa lalong madaling panahon.

Sa mga adulto, ang mga reaksiyon na allergy sa bakuna ay bihira. Ang kabilang sa mga sintomas ay pamamantal, pamamaga ng mukha, dila o lalamunan, o may kahirapan sa paghinga.

Kapag nabakunahan na, ang mga indibidwal ay kinakailangang manatili sa klinika ng 15 hanggang 30 minuto pagkatapos ng pagbabakuna upang masubaybayan at magamot kung magkaroon man ng allergic na reaksiyon.

Ang Health Canada ay hindi pa nag-aaprubang mga bakuna para sa COVID-19 para sa mga batang mas bata sa 12 taong gulang.

#### **5. Hindi kayo magkakaroon ng COVID-19 mula sa bakuna.**

Ang Pfizer-BioNTech na bakuna para sa COVID-19 ay nagsasabi sa inyong katawan kung paano gumawa ng hindi nakakasamang protina na nakikita sa COVID-19 na virus at magsisimula itong gumawa ng mga antibody laban dito, upang malaman at makilala ng inyong immune system at labanan ang totoong virus kung kayo ay nahawaan nito.

#### **6. Kung ang anak ninyo ay nagkaroon na ng COVID-19, maaari parin silang magpabakuna.**

Kahit ang unang pagkakaimpeksyon ng COVID-19 ay nakapagbigay ng kaunting proteksyon mula sa pagkakasakit muli, hindi natin alam kung gaano katagal ang

proteksyon na maidudulot nito, at maaaring hindi makapagbibigay ng proteksyon laban sa bagong mga variant. Kung kayo ay gumagaling na mula sa pagkakaroon ng COVID-19, dapat ninyong ipagpaliban ang pagpapabakuna hangga't ang karamihan ng inyong mga sintomas ay wala na at hindi na kayo sariling nakahiwalay.

#### **7. Ang kard ng kalusugan (health card) ay kinakailangan.**

Kung ang anak ninyo ay walang health card, maaari kayong mag-book ng appointment sa telepono kaysa mag-online, at maaari kayong kumausap sa inyong paaralan o sa inyong manggagamot (medical provider) o sa lider ng inyong pananampalataya (faith leader) upang humingi ng sulat na naglalaman ng pangalan ng inyong anak, araw ng kapanganakan at tirahan.

Kung ang anak ninyo ay may health card, dapat dalhin ito sa appointment.

#### **8. Ang COVID -19 na bakuna ay dapat ibigay nang nag-iisa at nakabukod sa ibang mga bakuna hangga't maaari.**

Ang ibang mga bakuna ay dapat itakda 14 araw bago o 28 araw pagkatapos ng bakuna para sa COVID-19. Kung kayo ay nahuhuli sa mga pagbibigay ng proteksyon laban sa sakit para inyong anak, maaari lamang tumawag sa kaniyang tagapag-alaga ng kalusugan at planuhing isapanahon ang lahat ng inyong mga bakuna.

#### **9. Ang lahat ng mga bakuna ay may kasamang ipinabatid na pahintulot.**

Ang mga bakuna para sa COVID-19 ay ibibigay lamang kung ang pinabatid na pahintulot ay natanggap mula sa indibidwal, kabilang ang mga nasa 12 hanggang 17 taong gulang, at sila ay may kakayahang gawin ang pagdesisyon na ito. Nangangahulugan ito na naiintindihan nila ang paggagamot, bakit ito ay

inirerekomenda, ang mga kapanganiban at pakinabang kung tatanggapin o tatanggian nilang mabakunahan. Kung ang indibidwal ay walang kakayahan sa pagbigay ng pahintulot at tanggapin ang bakuna, kailangan nila ang pahintulot mula sa kapalit na tagapagpasya, tulad ng kanilang magulang o legal na tagapag-alaga.

Ang kanilang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan at pamilya ay dapat igalang ang desisyon ng nakababatang tao tungkol sa pagbabakuna. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay hinihimok na talakayin ang pagbabakuna sa kanilang mga anak bago pumunta sa klinika. Ang pagbabakuna para sa COVID-19 ay kusang-loob para sa sinuman na karapat-dapat makatanggap nito sa Ontario.

**10. Ang pagbabakuna para sa COVID-19 ay makakatulong sa inyong anak na ipagpatuloy ang mga aktibidad na ikasisiya nila at sa pagsuporta sa kanilang kalusugan ng isip at kapakanan.**

Ang pagbabakuna ay isang mahalagang paraan upang tumulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 at mapayagan ang mga mag-aaral at pamilya na ligtas na ipagpatuloy ang normal nilang mga aktibidad.

Kapag sapat na ang mga tao na may proteksyon mula sa COVID-19, ang panganib sa impeksyon sa inyong anak ay bababa. Ang mga bakuna, kasabay ang pagsuot ng mga mask, pisikal na pagdidistansiya at ibang mga pag-iingat, ay makakatulong protektahan ang kalusugan ng nakararami sa komunidad. Hangga't pagkatapos lamang bumaba ang bilang ng COVID-19 sa kalawakan ng komunidad posibleng bumalik sa normal ang mga aktibidad para sa mga bata at kabataan.

**Para sa karagdagang impormasyon at mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga bakuna para sa COVID-19:**

- [Pahayagan ng Impormasyon sa Bakuna para sa COVID-19](#)
- [COVID-19 Ang dapat ninyong malaman tungkol sa inyong appointment para sa bakuna sa COVID-19](#)
- Humingi ng tulong at impormasyon sa higit sa 300 mga wika. Tumawag sa [1-888-999-6488 \(TTY: 1-866-797-0007\)](tel:1-888-999-6488) para sa impormasyon tungkol sa bakuna para sa COVID-19. Bukas ang linya ng telepono mula 08:00 n.u. at 8:00 p.m., 7 araw isang linggo. Pindutin ang 3 upang hilingin ang wika ninyo. Maaari kayong maghintay upang may makausap kung maraming tumatawag.